# Project EASE

(Effective and Alternative Secondary Education)

## ARALING PANLIPUNAN I



## MODYUL 4
## ANG KALINANGANG PILIPINO SA PANAHON NG BARANGAY

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

## MODYUL 4
## ANG KALINANGANG PILIPINO SA PANAHON NG BARANGAY



Ikaw ay nasa ika-apat na modyul na. Binabati kita! Sa mga sinundang aralin, natutuhan mo ang kahalagahan ng pag-aaral ng ating kasaysayan at ng ating lahing pinagmulan. Pinag-aralan mo rin ang heograpiya ng bansang Pilipinas kaya't natutuhan mo rin ang tungkol sa pisikal na katangian ng ating sariling bansa.

Sa mga nakaraang modyul, napag-aralan mo na mayroong magandang lokasyon ang Pilipinas. Dahil dito, noong unang panahon pa man, mayroon nang namamagitang ugnayang pangkalakalan ang Pilipinas sa mga karatig bansa sa Asya tulad ng Tsina at Arabya. Nasa sangandaan ang Pilipinas ng rutang pangkalakalan kayat ang mga Pilipino, bago pa man nasakop ng mga dayuhan, ay mayroon nang magandang ugnayan sa ibang bansa. Dahil dito, mayroon nang pagpapalitang nagaganap hindi lamang ng kalakal, kundi maging mga kultura at paniniwala.

Ano kaya ang kalagayan ng kultura ng mga Pilipino bago pa dumating ang mga Kastila? Mayroon na kaya tayong maunlad na kultura? Ano kaya ang naging impluwensya ng ating kultura sa mga bansang Asyanong nakipag-ugnayan sa atin?

Sa modyul na ito, malalaman natin kung ano ang kalagayan ng kulturang Pilipino bago pa dumating ang mga Kastila. Matututuhan natin na maipagmamalaki natin ang ating katutubong kulturang Pilipino dahil sa ating magaganda at kahanga-hangang mga gawi at tradisyon. Maipaliliwanag mo rin kung paano nakarating ang mga Muslim sa Pilipinas at kung paano lumaganap ang relihiyong ito sa ating bansa. Sa huli, matutukoy mo kung paano nakaimpluwensya ang relihiyong Islam sa kalinangan at pamumuhay ng mga Pilipino.

May limang aralin sa modyul na ito:

- Aralin 1 – Ang Panlipunang Pamumuhay ng mga Pilipino sa Panahon ng Barangay
- Aralin 2 – Ang Kalagayang Pangkultura mga Katutubong Pilipino
- Aralin 3 - Ang Pagdating ng Islam sa Pilipinas
- Aralin 4 – Ang Relihiyong Islam sa Panahon ng Barangay
- Aralin 5 - Impluwensya ng Islam sa Pamahalaan at Lipunang Muslim

Pagkatapos ng modyul na Ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maipagmamalaki ang pagkakaroon ng kultura ng mga sinaunang pamayanan;
2. Matatalakay ang paglaganap ng relihiyong Islam sa Pilipinas;
3. Masusuri ang mga katangian ng relihiyong Islam; at
4. Maipaliliwanag ang mga impluwensya ng Islam sa lipunang Pilipino.

Handa ka na ba sa ating pag-aaral? Una sa lahat, sagutin mo muna ang panimulang pagsusulit. Sanay ka na dito, hindi ba?




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

Ang pagsusulit na ito ay naglalayong tingnan kung hanggang saan ang iyong nalalaman tungkol sa paksang iyong pag-aaralan sa modyul na ito. Handa ka na ba?

Unang Bahagi: Piliin ang wastong sagot sa mga tanong at bilugan ang titik nito.

1. Alin sa mga sumusunod ang katangian ng kabuhayan ng mga sinaunang Pilipino?
   A. Nakikipagkalakalan na sila sa mga karatig-bansa at maunlad na ang pagsasaka
   B. Nabubuhay lamang sa pagkakaingin at pangangaso ang mga Pilipino
   C. Palipat-lipat ng tirahan at di pa sapat ang kanilang kaalaman sa pamumuhay
2. Ano ang katangian ng barangay sa panahon ng sinaunang Pilipino?
   A. Mauunlad at nakapagsasarili ang mga bawat barangay
   B. Mayroon nang malalaking kahariang kinabibilangan ang mga barangay
   C. Madalas nakikidigma sa kapwa barangay
3. Paano nagiging pinuno o datu ang isang tao noong sinaunang panahon?
   A. Kung siya ay nanalo sa digmaan o kung siya ay anak ng dating datu
   B. Kung siya ang pinakamayaman sa barangay
   C. Kung siya ang inihalal ng mga kasapi ng barangay
4. Naipamalas ng mga sinaunang Pilipino ang kahusayan sa paglalakbay sa pamamagitan ng:
   A. Pagwawagi sa karera ng mga bangka
   B. Paggawa ng mahuhusay na sasakyang dagat
   C. Paninirahan sa tabing dagat
5. Isang katibayan na mayroon nang mataas na antas ng kultura ang mga Pilipino noon ay ang:
   A. Paninirahan nila sa tabing dagat
   B. Pagkakaroon ng mga awit at tula
   C. Pagkakaroon ng maunlad na sistema ng pakikipagkalakalan
6. Paano nakarating ang Islam sa Pilipinas?
   A. Pangangalakal ng mga Arabeng Muslim
   B. Paglalakbay sa Arabya ng mga sinaunang Pilipino
   C. Pananakop ng mga Arabeng Muslim
7. Alin sa mga sumusunod ang nagpapatunay na maunlad na ang kaalaman ng mga sinaunang Pilipino sa teknolohiya?
   A. Kahusayan sa pangingisda
   B. Paggamit ng mga Pilipino ng sistema ng pagmimina ng metal
   C. Kahusayan sa pakikidigma
8. Paano lumaganap ang Islam sa Mindanaw?
   A. Tinakot ang mga katutubong Pilipino
   B. Nakipag taling-puso ng mga misyonerong Muslim sa mga anak ng mga pinunong Pilipino
   C. Sinakop at binili ng mga mangangalakal na Arabe ang mga lupain sa Mindanaw

9. Ang regular na pagdarasal ng limang beses sa loob ng isang araw na bahagi ng limang haligi ng katotohanan ay tinawag na
   A. Salat o Salah
   B. Sahada
   C. Saum
10. Isinasagawa ng mga Muslim ang pag-aayuno sa panahon ng
    A. Hari Raya B. Biyernes C. Ramadan
11. Sa panahon ng barangay, ang tinuturing na sentro ng panrelihiyon, pampulitika at panlipunang gawain ay ang:
    A. barangay B. Haj C. Moske
12. Ang sistemang barangay sa panahon ng mga sinaunang Pilipino ay naiiba sa sistemang barangay sa kasalukuyan sa pamamagitan ng
    A. May sari-sariling pamahalaan ang bawat barangay noon
    B. Lahat sila ay napapailalim sa pangulo ng bansa
    C. Nabibilang ang mga unang barangay sa mga kaharian
13. Ipinakilala ang sistemang sultanato sa Pilipinas ni:
    A. Mohammed C. Rajah Baguinda
    B. Sharif Abu Bakr
14. Sa sistemang sultanato, ang pamahalaan at relihiyon ay
    A. hindi dapat magkasama.
    B. magkasama at pinag-isa.
    C. hindi pinahahalagahan.
15. Ang Madrasah ay isang sistema ng
    A. panulat B. edukasyon C. pamamahala

Ikalawang Bahagi: Tama o Mali? Isulat ang salitang Tama kung wasto ang pangungusap at Mali kung ito ay hindi wasto. Kung mali ang pangungusap, ipaliwanag kung bakit ito mali.

1. May malaking impluwensya ang relihiyong Islam sa lipunang Pilipino sa iba't ibang larangan ng buhay. ______________________________.
2. Nanatiling mababa ang antas ng pamumuhay ng mga sinaunang Pilipino nang dumating ang mga Kastila. ______________________________.
3. Gumamit ng pangangalakal na pamamaraan ang mga Arabeng Muslim kayat madaling napalaganap ang Islam sa Mindanaw. ____________________.
4. Naging malaki ang impluwensya ng Islam sa iba't ibang aspeto ng lipunan. ____ ________________________________________.
5. Mayroon nang pederasyon at pagtutulungan ang mga barangay bago pa dumating ang mga Kastila. ______________________________.

**Aralin 1**

## ANG PANLIPUNANG PAMUMUHAY NG MGA PILIPINO SA PANAHON NG BARANGAY

Bago pa man dumating ang mga mananakop na mga Kastila, mayroon nang maayos at maunlad na pamumuhay ang mga sinaunang Pilipino. Dahil dito, matatag at matahimik ang kanilang lipunan. Ang kanilang panlipunang pamumuhay ay nagtataglay ng magagandang pamamaraan na naging gabay ng mga sinaunang Pilipino sa pagpapaunlad nila ng kanilang lipunan.

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang iyong:

1. Matutukoy ang mga katangian ng panlipunang pamumuhay ng mga Pilipino sa panahon ng barangay; at
2. Masusuri ang magagandang impluwensya ng panahon ng barangay sa kasalukuyan.

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Suriin ang larawan . Ito ay isang karaniwang tanawin sa mga pamayanan noong panahon bago pa dumating ang mga Kastila. Masasabi mo kaya kung ano ang ginagawa ng mga sinaunang Pilipino? Ilarawan din ang kanilang mga anyo at kasuotan. Bakit kaya sila nagkakatipun-tipon?




**Pamumuhay sa Barangay**

Ang pamayanan ng mga sinaunang Pilipino ay may iba't ibang laki at kinaroroonan depende sa bilang ng mga pamilyang naninirahan doon. Karaniwang matatagpuan ang mga malalaking pamayanan sa mga baybaying dagat. Malalaki ito dahil dito nagaganap ang pagpapalitan ng kalakal ng mga katutubo at ng mga taga-ibang bansa. Ang iba naming pamayanan ay matatagpuan sa mga kapatagan at kabundukan ng Pilipinas. Dito, ang mga sinaunang Pilipino ay nabubuhay sa pamamagitan ng pangangaso, pagtatanim, at pagkakaingin. Malaki rin ang papel ng mga kababaihan sa mga gawaing pangkabuhayan sa kanilang pamayanan. Mayroon silang mga tungkuling pangkabuhayan tulad ng pagmamanukan, pag-aalaga ng baboy, paglalala ng banig, paghahabi ng tela, o pagtatanim sa paligid ng tirahan.

Pagsasaka ang pangunahing kabuhayan ng mga sinaunang Pilipino. Ito ay isinasagawa sa dalawang paraan: sa pamamagitan ng pagkakaingin at pagtatanim ng palay na gumagamit ng patubig. Bukod sa pagsasaka, ang mga sinaunang Pilipino ay nangangaso, nagingisda, nagpapanday at nakikipagpalitan ng kalakal. Ang mga sinaunang Pilipino ay nakikipagpalitan din ng mga kalakal na ginagamitan ng ginto bilang batayan sa pagpapalit. Maunlad ang pagpapalitan ng kalakal sa iba't ibang lugar sa Pilipinas. Maunlad din ang pakikipagkalakalan sa mga karatig-bansa tulad ng Tsina, Hapon, Siam, Borneo, Sumatra at iba pang lugar sa Asya.

Mayroon nang matatag na sistema ng pamamahala ang mga sinaunang Pilipino. Ang *barangay* ang itinuturing na yunit ng pamahalaan. Sa loob ng pamayanan ay maaaring magkaroon ng iba't ibang barangay. Kadalasan, ito ay binubuo ng humigit kumulang na 30 hanggang 100 pamilya. Ang mga barangay ay malaya sa impluwensya ng iba pang barangay. Ang bawat barangay ay nagsasarili at may kani-kaniyang pamamaraan sa pamamahala.





Kadalasan, ang mga barangay ay magkakalapit upang matulungan ang isa't isa sa oras ng pangangailangan tulad ng kung may digmaan. Ang barangay ay pinamumunuan ng datu isang na pinipili batay sa: pamanang pamumuno, gulang at malawak na kaalaman sa mga bagay-bagay sa loob ng barangay. Maaaring maging datu ang isang tao kung siya ay anak ng dating pinuno. Maaari ring maging datu ayon sa kakayahan o talino. Ang datu ay may tungkuling pamunuan at protektahan ang barangay sa ano mang panganib. Bilang kapalit, ang mga kasapi ay nagbibigay ng buwis sa datu. Tinutulungan din nila ang datu sa pagsasaka ng lupain at pagtatanggol sa barangay sa panahon ng digmaan.

Mayroon na ring maayos na sistema ng paggawa ng batas sa panahon ng barangay. Tinutulungan ng konseho ng mga matatanda ang datu sa paggawa ng mga batas. Ang paghuhukom naman ay isinasagawa sa paraang pinagkasunduan ng mga kasapi ng barangay.

Sinasabi ng mayroon na ring maunlad na ugnayan ang mga barangay tulad ng pakikipagpalitan ng mga kalakal, pagtutulungan sa panahon ng digmaan, at pakikiisa sa ritwal na tinatawag na *sanduguan*. Sa *sanduguan*, nagkakaroon ng ritwal ang dalawang pinuno. Gagawa sila ng maliit na hiwa sa kanilang mga bisig . Ang dugong magmumula dito ay ihahalo sa kaunting alak at iinumin ng dalawang pinuno. Sa pagkakataong iyon, itinuturing ang dalawang barangay na magkapatid sa dugo at kapwa sasailalim sa mga batas at kautusan na itinakda ng dalawang barangay.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ito ang taniman ng Palay sa Mt. Province na ginawa ng mga katutubong Igorot sa Hilagang Luzon. Isa ito sa mga itinuturing na kahanga hangang tanawin sa Mundo. Ipinakikita nito ang kahusayan ng mga Pilipino na gumamit ng kanilang talino sa pagtugon sa kanilang mga pangangailangan sa kabuhayan. Mayroon ka pa bang alam na kahanga hangang nagawa at naiambag ng mga sinaunang Pilipino sa ating bansa?



Isulat sa talahanayan ang mga mahalagang aspeto ng pamumuhay ng mga sinaunang Pilipino. Pagkatapos ay tukuyin kung bakit sa palagay mo ay mahalaga ito.

| Mahalagang Aspeto ng Pamumuhay | Bakit Mahalaga Ito? |
|---|---|
| Hal. Pagsasaka na gumagamit ng baha-bahagdang taniman | Ginamit ng mga Pilipino ang kahusayan nila sa pagsagot sa suliraning pangkabuhayan dala ng kapaligiran |
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |



**Tandaan Mo!**

- Mayroon nang maayos at maunlad na pamumuhay ang sinaunang Pilipino bago pa dumating ang mga Kastila sa Pilipinas. Ito ay pinatutunayan ng mga sumusunod:

1. Mayroon nang matatag na sistema ng pamamahala na tinatawag na sistemang barangay.
2. Mayroon na silang maunlad na pakikipagkalakalan hindi lamang sa loob ng Pilipinas kundi sa mga karatig-bansa nito.
3. Mayroon nang kahusayan sa paglikha tulad ng paggawa ng sasakyang pandagat at baha-bahagdang taniman.

- Ang maayos at maunlad na pamumuhay ng mga Pilipino ay nagpapakita n kahusayan ng mga sinaunang Pilipino sa pagtungo sa kanilang mga suliranin sa pamumuhay sa panahong yaon.



**Gawain 3: Paglalapat**

**N**oong sinaunang panahon, ang barangay ang pangunahing yunit ng pamahalaan. Sa kasalukuyan, tayo ay nabibilang rin sa mga Barangay. Magkatulad ba ito o may pagkakaiba? Paano sila nagkakaiba? Punan ang sumusunod na tsart ukol sa pagkakatulad o pagkakaiba ng mga barangay noon at ngayon.


| Batayan | Barangay sa Sinaunang Panahon | Barangay sa Kasalukuyan |
|---|---|---|
| Namumuno | | |
| Kapangyarihan ng Namumuno | | |
| Antas ng Pagsasarili | | |
| Tungkulin o Gawain ng Barangay Para sa Pamayanan | | |
| Sakop ng Kapangyarihan | | |

**ARALIN 2**

**ANG KALAGAYANG PANGKULTURA NG MGA SINAUNANG PILIPINO**



Ang araling ito ay tumatalakay sa mga aspeto ng kulturang Pilipino na nagpapatunay na mayroon na tayong mataas na antas ng kultura sa panahon bago pa dumating ang mga Kastila. Ito ay pinatunayan ng mga kaalaman at kahusayan ng mga Pilipino sa paggawa ng mga armas, metalurihiya, sining, at agham.



Pagkatapos ng araling ito, inaasahang:

1. Mailalarawan mo ang kalagayang pangkultura ng mga sinaunang Pilipino; at
2. Mapangangatwiranan mo na mayroon nang maunlad na kultura ang mga sinaunang Pilipino.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Kailan sinasabing mayroon nang mataas na antas ng kalinangan ang isang lipunan?



**Kung ang lipunan ay mayroon nang**

- sistema ng panulat
- matatag na sistema ng pamamahala
- sistema ng paniniwala
- maunlad na sining at panitikan
- agham at teknolohiya
- mga mahuhusay na istruktura monumento

Kung pagbabatayan natin ang mga palatandaan ng isang mataas na antas ng lipunan, masasabi ba natin na mayroon nang mataas na antas ng kultura ang mga sinaunang Pilipino? Anu-ano ang ating mga patunay dito?

**Ang Maunlad na Kulturang Pilipino**

Nang dumating ang mga Kastila sa Pilipinas, natuklasan nila na ang mga Pilipino ay mayroon nang mataas na antas ng kalinangan at pamumuhay. Ibig sabihin, hindi nahuhuli sa mga iba pang lipunan ang Pilipinas noong panahong iyon. Halimbawa, sa larangan ng paggawa ng mga kagamitan, natagpuan nila na mahusay na ang mga Pilipino sa paggawa ng mga kagamitan sa pakikidigma at iba pang uri ng kagamitang metal. Ang mga sinaunang Pilipino ay mahusay nang gumawa ng kanyon na yari sa tanso at bakal. Tinatayang si Raha Soliman mismo ay gumamit ng kanyon na mayroong 17 talampakan ang haba. Ang *lantaka* ay isa sa mga kagamitang panlaban na nalikha ng mga Pilipino samantalang ang mga Muslim naman ay mayroon nang mga *kampilan o kris* .

Natuklasan din ng mga Kastila sa kanilang pagdating na mayroon nang minahan ng ginto, pilak at *copper* ang mga sinaunang Pilipino. Tinatayang ang mga gawaing metal sa Pilipinas noong panahon iyon ay may mataas na uri, at maaring mas mahusay pa sa ginagamit sa Europa. Maging ang mananalaysay na si Pigafetta ay namangha sa mga bagay na gawa sa ginto tulad ng mga palamuting ginto, hawakan ng mga panaksak, ginto sa ngipin, at maging ang mga dekorasyon sa kabahayan ng mga Pilipino.




Sinasabing ang mga Pilipino ay nagpamalas din ng kahusayan sa paglalakbay-dagat . Ang mga mangangalakal mula sa Bisaya, Mindanao at Sulu ay kilala sa kahusayan sa paglalakbay sa malalayong lugar gamit ang kanilang mga sasakyang dagat tulad ng *karakao at praos.* Sila rin ay sinasabing gumagamit na ng kompas na tulad ng ginagamit ng mga manlalakbay sa Tsina at Borneo.

Mayroon nang paniniwala sa isang makapangyarihang Diyos ang mga sinaunang Pilipino. Makikita ito sa mga katutubong katawagang ginagamit nila tulad ng salitang *Bathala, Kabunian, Mansilatan, Makaptan, Laon, Lumauig, Mamarsua,* at iba pa. Ang katawagan ay nagkakaiba-iba depende sa lugar. Ang kinikilalang makapangyarihang Nilikha ay iginagalang at kinatatakutan. Mataas ang pagpapahalaga ng mga sinaunang

Pilipino dito. Mayroon din silang kinikilalang mga  mas mabababang diyos na sinasamba at pinagdarasalan tulad ng mga *diwa, diwata, tuhan at anito.* Mayroon ding masalimuot na sistema ng pagsamba ang mga sinaunang Pilipino. Mayroon din silang mga shaman o pari na nagsisilbing tagapamagitan sa kanilang mga diyos at sa mga katutubong Pilipino. Naniniwala rin ang mga Pilipino sa mga ispiritu na nanahanan sa mga bagay sa paligid tulad ng mga puno, kabundukan, lawa, at mga bato. Dahil dito, karaniwan na sa mga sinaunang Pilipino ang mag-alay sa mga kalikasan o sa isipiritu ng kanilang mga ninuno.

Sa larangan ng agham, sinasabing ang mga Pilipino ay mayroon na ring mahusay na sistema ng  pagbibilang, pagtitimbang, at panukat. Gumagamit na sila ng sistemang decimal sa pagbilang at mayroon na silang mga katawagan sa iba't ibang sukat. Gumagamit na rin sila ng mga pantulong na gamit sa bilang tulad ng mga sungka at runo ng mga Ifugao.





Ang mga sinaunang Pilipino ay mayroon na ring kabatiran sa astronomiya  at pagbibigay kahulugan sa mga bituin at posisyon ng araw. Ang mga Ifugao ay may tinatayang kabatiran sa bilang ng mga taon batay sa inog ng araw at mga batong kalendaryo.

Sinasabi ni Morga, na halos lahat ng Pilipino ay marunong nang sumulat at  bumasa noong panahong iyon. Gumagamit sila ng mga dahon at panulat na gawa sa matulis na bakal.  Ang sistema ng panulat ay unang ginamit sa pakikipagkalakalan ng mga sinaunang Pilipino. Gumagamit ang mga Pilipino ng alibata bilang sistema ng panulat. Sa kasalukuyan, ito ay ginagamit pa rin ng mga Tagbanua sa Palawan at ng mga Mangyan sa Mindoro

Mayaman din sa panitikan ang mga ninuno nating Pilipino. Mayroon silang mga awitin o dalita, kasabihan, bugtong, salawikain, at mga duplo. Gumagamit din sila ng mga instrumento sa pag-awit tulad ng kudyapi, bangsi, subbing, gansa at colelong.

Maraming awitin ang mga katutubong Pilipino tulad ng kundiman, balitaw, at dalot. Masalimuot ang kanilang mga sayaw na kakikitaan ng kanilang pamumuhay at mga paniniwala.

Tunay na mayaman at may mataas na antas ang kultura ng mga sinaunang Pilipino. Ito ay pinatunayan ng kanilang mahahalagang sistemang panlipunan tulad ng sistema ng panulat, sistema ng paniniwala, agham at teknolohiya at maging sa sining at literatura.



**Gawain 2 : Pagpapalalim ng Kaalaman**

Marami ka bang natutuhan tungkol sa iyong mga ninuno? Punan mo ang tsart batay sa tinalakay nating mga katangian ng kulturang Pilipino. Ano ang masasabi mo sa bawat isa?

| **Ang Pilipinas bilang isang lipunang may mataas na antas ng kultura** | |
|---|---|
| • Sistema ng panulat | |
| • Sistema ng paniniwala | |
| • Sistema ng pamamahala | |
| • Agham at teknolohiya | |
| • Panitikan | |
| • Sining | |



**Tandaan Mo!**

- Mayroon nang mataas na antas ng kultura ang mga sinaunang Pilipino batay sa sumusunod na mga palatandaan:
  - sistema ng panulat – alibata
  - sistema ng pamamahala – barangay
  - sistema ng paniniwala – Bathala at iba pang mas nakabababang diyos
  - panitikan at literatura
  - agham at teknolohiya
  - sining at musika
- Ang kahusayan ng mga Pilipino at kayamanan ng kanilang pamanang kultura ay masasalamin sa iba't ibang gawaing pangkultura na ipinamalas ng ating mga ninuno.



**Gawain 3: Paglalapat**



A. Nakikilala mo ba kung sino ang gumagamit ng kasangkapang nakalarawan? Maraming mga pamanang pangkultura ang mga sinaunang Pilipino na naisalin sa ating henerasyon. Magbigay ka nga ng limang gawi o pamana na nagmula sa mga sinaunang Pilipino. Isulat mo sa patlang.

1. ________________________
2. ________________________
3. ________________________
4. ________________________
5. ________________________


B. Gumawa ka ng sanaysay na ang pamagat ay: *Paano natin pangangalagaan at pauunlarin ang ating pamanang kultura.*

**ARALIN 3**

**ANG PAGDATING NG ISLAM SA PILIPINAS**



Mahigpit ang pagkakaugat ng relihiyong Islam sa Pilipinas. Ito ay bunga ng matapat at maigting na layunin ng mga misyonerong Muslim na mapalaganap ang kanilang relihiyon sa mga lupain sa Mindanaw. Sa modyul na ito ay tatalakayin natin kung paano naitatag at napalaganap ang Islam sa Pilipinas.



Pagkatapos ng araling ito, inaasahang:

1. Maipaliliwanag mo kung paano dumating at lumaganap ang Islam sa Pilipinas.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Pag-aralan ang mapa ng Pilipinas sa ibaba. Tukuyin sa mapa kung saang mga lugar unang nakarating ang mga Arabeng Muslim. Tukuyin din ang mga unang lugar kung saan itinatag ang Islam.



## Ang Pagdating at Impluwensya ng Islam

Marahil naitatanong mo sa iyong sarili kung paano nakarating ang relihiyong Islam dito sa Pilipinas. Sa pakikipagkalakalan ng mga Arabeng Muslim at Tsino na dumaraan sa malapit sa Palawan, unti-unting napansin ng mga ito ang Pilipinas. Nagsimula silang makipagkalakalan sa Sulu at kainalaunan, ito ay umunlad. Dahil dito, umunlad at naging sentro ng kalakalan ang Sulu. Dumami ang mangangalakal na Arabe na nakarating dito.

Ang Islam ay pinaniniwalaang nakarating sa Pilipinas noong mga kalagitnaan ng ika-14 na siglo. Ito ang panahon ng pagtatatag at pagpapalawak ng Islam sa Malay Peninsula. Ang mga mangangalakal at mga gurong Arabe ang nagpakilala ng Islam sa mga Malayo. Sinasabi na ang pangangalakal ang siyang nagbigay-daan upang mapalaganap ang pananampalatayang Islam sa Pilipinas at sa iba pang bahagi ng Asya.

Si Mukdum, na isang Iskolar na Muslim, ang pinaniniwalaang nagdala nito sa Sulu. Siya rin ang pinaniniwalaang unang nagtayo ng moske sa Buansa at sa Pulong Simunol.

Pagkatapos ng sampung taon, dumating sa Sulu ang pinuno ng Menangkabaw, Sumatra na nagngangalang Rajah Baguinda. Siya ang nanghikayat sa mga katutubong Pilipino na maging Muslim. Ang mga gawain ni Rajah Baguinda ay ipinagpatuloy naman ni Abu Bakr na naging asawa ng anak ni Rajah Baguinda na si Paramisuli. Nang yumao si Raha Baguinda, si Abu Bakr na ang naging sultan. Itinatag niya ang pamahalaang sultanato at sinunod niya ang sistema ng pamamahala sa Arabia. Sa pamamagitan nito, mabilis na lumaganap ang Islam sa lahat ng bahagi ng Sulu.


Ayon sa kasaysayan, muling dumating ang isang pangkat ng mga mangangalakal na Muslim sa Cotobato at Malembang noong huling mga taon ng ika-labinlimang siglo. Ito ay pinamunuan nina Sharif Auliya at Sharif Maharajah na nagmula naman sa Malacca. Si Sharif Auliya ay nakapag-asawa ng isang anak ng pinuno ng Pulangi. Ang anak nitong babae ang naging kabiyak naman ni Sharif Maharajah.

Sa ilang bahagi ng Mindanaw, ang Islam ay itinatag at pinalaganap naman ni Sharif Muhammad Kabungsuwan, anak ng isang prinsesa ng Malacca. Ayon sa mga salaysay, nagdaan sila sa Brunei, Cagayan de Zulu at Zamboanga kung saan nagawa

niyang hikayatin ang mga katutubong tribo na tanggapin ang relihiyong Islam. Siya ay nakapag-asawa ng isang nagmula sa makapangyarihang pamilya sa Mindanaw. Ang ilan sa mga alagad niya ay nakapag-asawa rin ng mga katutubo. Ito ang naging dahilan kayat matagumpay niyang napalaganap ang Islam sa Mindanaw na mula noon ay kumalat naman sa Kabisayaan at Luzon.

Ayon sa kasaysayan, ang pagdating at paglaganap ng Islam sa ating bansa ay mayroong pinagdaanang hakbang na katulad ng naganap sa ibang bansang Asyano:

1. Pagkakaroon ng pamayanang Muslim na nanggaling sa ibang bansa;
2. Pagdating ng mga misyonerong Islam sa Pilipinas
3. Pagiging Muslim ng mga opisyal ng pamahalaan;
4. Pagpapapakilala ng mga institusyong pang Muslim; at
5. Pagpapatindi ng pakikipag-ugnayan sa ibang bansang Muslim.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ang sumusunod na *timeline* ay nagpapakita ng pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari kaugnay ng pagdating ng Islam sa Pilipinas.

| | |
|---|---|
| 1380 | Dumating sa Pilipinas si Mukdum, isang iskolar na Arabe upang palaganapin ang aral ng relihiyong Islam. |
| 1390 | Dumating si Rajah Baginda at bininyagan ang mga katutubo sa Jolo ayon sa relihiyong Islam. |
| 1400-1440 | Napalaganap ni Kabungsuwan ang Islam sa iba't ibang panig ng Mindanaw sa pamamagitan ng diplomasya. |
| 1450 | Dumating si Abu Bakr sa Sulu at napangasawa ni Prinsesa Paramisuli, anak ni Rajah Baguinda. Itinatag ang Sultanato. |
| 1460 | Lumaganap ang Islam sa Timog Mindanaw at Sulu. |
| 1470 | Dumating si Serif Kabungsuwan mula sa Johore at naging unang sultan ng Mindanao. Lumaganap ang Islam sa Visayas at Luzon. |
| 1480-1520 | Mabilis na lumaganap ang Islam sa buong Mindanao dahil sa madaling pagtanggap dito ng mga pinuno. |

| | |
|---|---|
| 1521 | Nagtayo ng matatag na tanggulan at pamayanan ang mga Arabe sa Mindanao kaya hindi sila nasakop ng mga Kastila nang dumating ang mga ito sa Mindanao. |

Suriin natin ang mga datos sa *timeline*. Ano ang ipinakikita nito tungkol sa pagpapalaganap ng Islam sa Pilipinas?

Kung susuriin mo ang *timeline*, mapapansin mo na ang pagkakatatag at paglaganap ng Islam ay naganap sa mapayapang pamamaraan. Ginamit ng mga Muslim ang pangangalakal bilang pamamaraan upang mapalapit sa mga katutubo. Kadalasan ding nagaganap ang pag-aasawa ng mga Arabe o Muslim ng mga anak o kaya'y malapit na kamag-anak ng pinuno ng pamayanan. Sinasabi na ang ganitong pagkakaisa sa pamamagitan ng pag-aasawa ay nakatulong sa kanilang katanyagan, kapangyarihan, at kayamanan. Ganito rin kaya ang naganap sa ibang pamayanan sa Asya noong panahong iyon? Maliwanag na ang dedikasyon ng mga misyonerong Muslim ang nagpasigla sa pagtatatag nito sa maraming pamayanan, hindi ba?



**Tandaan Mo!**

- Ang mga mangangalakal na Arabe ang nagpakilala ng Islam sa Pilipinas.
- Naging  instrumento ang pangangalakal at pakikipagtaling-puso ng mga Arabeng Muslim sa pagpapalaganap ng relihiyong Islam.
- Ang iskolar na Arabeng is Mukdum ang nagpakilala ng Islam sa Pilipinas.
- Malalim ang pagkakaugat ng relihiyong Islam sa lipunang Muslim sa Mindanaw dahil ito ay naitanim sa pamamagitan ng maayos na pakikipag-ugnayan ng mga misyonerong Muslim sa mga katutubo.



**Gawain 3: Paglalapat**

Marahil ay mas naintindihan mo na ngayon kung paano lumaganap ang Islam sa Pilipinas. Sagutin mo ang mga sumusunod na mga katanungan upang matukoy mo ang kahalagahan ng Islam sa ating lipunan.

1. Paano nakarating ang Islam sa Pilipinas? Paano ito napalaganap sa kabuuan ng Mindanao at bakit madaling nangyari ito?
2. Sa iyong palagay, malaki ba ang naitulong ng pagpapakasal ng mga Arabeng Mulsim sa mga katutubo sa Mindanao sa pagpapalaganap ng Islam? Ipaliwanag ang iyong sagot.
3. Nakatutulong ba sa relasyon natin sa iba’t ibang bansa sa Asya ang pagkakaroon ng Islam sa ating bansa? Ipaliwanag.

Sariling Pagwawasto:

Ganito ba ang iyong sagot?

1. Nakarating ang Islam dahil sa mga mangangalakal na Arabe at mga iskolar na nakapag-asawa ng mga katutubo o mga kapwa Muslim na naunang nanirahaan sa Mindanaw. Dinala nila ang kanilang kulturang Muslim at ibinahagi sa mga kapamilya nila bago hinikayat ang iba na tanggapin ang kanilang aral

2. Oo, dahil madali sa kanila na maipaabot o maipakita ang kanilang mga aral. Ang naging asawa nila ay kalimitang kabilang sa mataas na antas ng lipunan at mga anak ng mga pinuno, sultan o datu. Ang katayuan nila sa lipunan ay may impluwensya sa mga nasasakupan


3. Marahil, nakakatugon ang relihiyong ito sa mga mithiin at pangangailangan ng mga mamamayang Muslim

**ARALIN 4**

**ANG RELIHIYONG ISLAM SA PANAHON NG BARANGAY**



Nasa ika-apat na aralin ka na! Bibabati kita! Dito ay tatalakayin natin ang mga nilalaman, aral at turo ng Islam bilang isang relihiyon. Mahalaga na maunawaan natin ang katangian ng relihiyong Islam upang magkaroon tayo ng mas malalim na pagkakaunawa sa lipunang Muslim.



Pagkatapos ng araling na ito, inaasahang:

- Maibibigay mo ang mga katangian mo ng relihiyong Islam sa Panahon ng Barangay



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Pamilyar ka ba sa relihiyong Islam? Tukuyin mo nga ang mga mahahalagang bagay sa larawan na maiiuugnay mo sa relihiyong Islam? Anu-ano ang sinisimbolo nito sa Islam?




MOSKE

KORAN

BUWAN AT BITUIN


**Ang Relihiyong Islam**

Tunay na maraming magaganda at mahahalagang aral ang relihiyong Islam. Ang **Islam** ay nangangahulugan ng "*lubos na pagsuko ng sarili sa kagustuhan ng Diyos na si Allah*." Ang pagsasagawa nito ay napapaloob sa mahalagang aral ng Islam na tinaguriang *Limang Haligi ng Katotohanan* na nasusulat *sa* Koran , ang banal na aklat ng mga Muslim. Isa-isahin natin ang mga ito:



a. ***Sahada***. Si Allah lamang ang Diyos at si Mohammed ang propeta.

b. **Salat o Salah**. Ang regular na pagdarasal ay bahagi ng nakagawiang buhay. Itinuturo sa Islam na kailangang magdasal ng limang beses sa loob ng isang araw. Kung araw ng Biyernes, sama-samang nagtutungo ang mga Muslim sa moske o masjid at nagdarasal ng Janna-ah.



Ang salat ay isang ritwal ng mga iniuutos na dasal na sinasabayan ng maindayog na pagkilos, pagyuko, pagpapatirapa at pag-upo. Kapag nasa moske, sama-sama ang pagdarasal sa pamumuno ng imam.

Para sa mga Muslim, sagrado at dapat igalang ang moske. Mapupuna na walang anumang imahen o estatwa sa loob nito. Bilang tanda ng paggalang, kailangang bawat papasok na magdarasal ay maglilinis ng kanilang sarili sa pamamagitan ng paghihilamos ng mukha, paghuhugas ng mga kamay, tainga, bibig, mata, at ilong. Iniiwan din nila sa may pintuan ang mga sapin sa paa.

***c. Zakat o Sakah***

Ito ay tumutukoy sa pagbibigay ng tulong sa mga nangangailangan, gaya ng mga sinalanta ng bagyo, lindol, maysakit, naulila at naghihikahos. Ang pagtulong ay sa pamamagitan ng pagbibigay sa sambahan ng

dalawa't kalahating bahagdan ng kanilang sahod sa buong taon sa tuwing sasapit ang RAMADAN.

***d. Saum***

Ito ang pag-aayuno kung buwan ng Ramadan. Ito'y isa sa pinakabanal na pagdiriwang ng mga Muslim. Ang sinumang nasa hustong gulang na ay inaasahang magsasagawa ng saum.


Ang pag-aayuno ay ginagawa mula sa pagsikat ng araw hanggang sa paglubog nito. Sa mga oras na sakop nito, ipinagbabawal ang sobrang kasayahan at iniiwasan ang gawaing mabigat. Pagkalubog ng araw, maaari na silang kumain at gawin ang pangkaraniwang gawain sa araw araw.

Sa pagwawakas ng pagdiriwang (Hariraya Puasa), nagkakaroon ng masaganang pagdiriwang at nag-aabot ng mga tulong pananalapi para sa mahihirap.

***e. Haj***


Ito ay paglalakbay sa banal na lupain ng Mecca na dapat isagawa minsan man lamang sa kanilang buhay. Ang sinumang nakapaglakbay na ay tinatawag na Hadji, isang tawag ng paggalang.

Maraming inaasahan sa isang Muslim na nananampalataya. Kinakailangang magsagawa siya ng mga bagay na makatutulong upang lalong maging matatag ang pagkakaisa ng kanilang pamayanan. Kinakailangan na siya ay kakitaan ng mga nalinang na katangiang Islam tulad ng katapangan, kalinisan, tiyaga, katapatan, karangalan, pakikiramay at kagandahang asal. Mahalaga sa isang muslim na isabuhay ang mga aral ng Koran.




Sa panahon ng barangay, ang moske ay hindi lamang lugar dalanginan kundi sentrong pampulitika at panlipunan ng

mga debotong Muslim. Ang istruktura nito ay naaayon sa salat ( panalanging Islam). Maraming ritwal na isinasagawa rito tulad ng pagsasagawa ng tagubiling dasal na binubuo ng mga maindayog na pagkilos tulad ng pagtayo, pagyukod, pag-upo at pagpapatirapa. Kasama rin dito ang pangkatang pagsamba. Ayon sa mga Muslim, nilikha ni Allah ang komunidad at ang moske ang nagsisilbing daan sa pagkakaisa ng mga Muslim at sa paniniwala sa kaisahan ni Allah.




**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ang kahanga-hangang debosyon ng mga Muslim sa kanilang pananalig sa Islam ay naipapakita sa pamamagitan ng kanilang pagdarasal ng limang beses sa isang araw. Paano kaya nila isinasagawa ito? Suriin ang mga sumusunod na larawan at bigyang katangian ang paraan ng pananalangin ng mga Muslim. (Magsaliksik at alamin ang tamang pagkakasunud-sunod.)



**( A)** **(B)** **(C)** **(D)**

Anu-anong mga gawi at pamamaraan sa pagsamba ang sa palagay mo ay makatutulong din sa pagpapatatag ng ating sariling pananalig? Ano ang natutunan mo sa kanilang pamamaraan sa pagsamba na nakatulong din sa pag-unawa sa iyong sariling pananalig?




**Tandaan Mo!**

- Ang Islam bilang isang relihiyon ay nagsilbing mahalagang instrumento sa pagpapatatag at pagkakaisa ng mga pamayanan at lipunang Muslim.
- Maraming kapuri-puri at kahanga hangang mga aral at turo ang Islam tulad ng *Limang Haligi ng Katotohanan*, na nakatulong sa pagpapatatag ng pananalig ng mga Muslim kay Allah



**Gawain 3: Paglalapat**

A. Ihambing ang Islam sa iyong sariling relihiyon. Gamitin ang Venn diagram na nasa ibaba.




B. Paano natin igagalang ang pagkakaiba ng relihiyon ng mga Pilipino?

C. Kung ikaw ay Muslim, paano mo pa mapatatatag ang iyong pananalig sa Islam?

**ARALIN 5**

**IMPLUWENSYA NG ISLAM SA PAMAHALAAN AT LIPUNANG MUSLIM**

Malaki ang impluwensya ng relihiyong Islam sa pagkakabuo ng ating kultura. Maraming bagay and naibahagi nito sa mga Pilipino lalo na sa ating mga kapatid na Muslim. Maging sa kasalukuyan, bagamat marami nang iba't ibang relihiyon ang naitatag sa bansa, nananatiling buhay at may malaking impluwensya ang relihiyong Islam sa ating lipunan.

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang

- Masusuri mo ang impluwensya ng Islam sa Pamahalaan at Lipunang Muslim.

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**






Suriin mo ang mga larawan. Alin sa palagay mo ang mga bagay sa larawan na nagpapakita ng impluwensya ng kulturang Muslim o ng relihiyong Islam? Masasabi mo ba kung anu-ano ang mga ito?

## Impluwensya ng Islam sa Pamahalaan at Lipunang Muslim

Ang pagdating ng mga Arabeng Muslim sa Pilipinas dala ang relihiyong Islam ay isang malaking impluwensya sa pagkakabuo ng ating kultura at pamamahala. Maraming bagay ang naibahagi nila sa mga sinaunang Pilipino lalo na sa ating mga kapatid na Muslim. Sa kasalukuyan, nananatiling buhay at may malaking impluwensya ang relihiyong Islam sa ating lipunan lalung-lalo na sa pamamala at pamumuhay.

Ang sistemang sultanato ay dinala dito nina Sharif Kabungsuwan at Abu Bakr noong ika 15-siglo. Dahil sa paniniwalang inapo ni Mohammed ang Sultan, hindi lamang kinikilalang pinunong tagapagpaganap ang sultan kundi pinunong pangrelihiyon din. Sa sistemang ito, ang pamahalaang sultanato at relihiyong Islam ay itinuturing na iisa. Ang posisyon ng sultan ay namamana, di tulad ng datu. Ganoon pa man, maaari siyang pumili ng papalit sa kanya subalit pagtitibayin muna ito ng mga datu.



Nang si Sharif Abu Bakr ay naging datu, hinikayat niya ang mga tao na manampalataya sa Islam. Ipinakilala niya ang *Shari'a* o banal na kautusan. Siya ang naging kauna-unahang sultan ng Sulu. Dahil sa impluwensya ng islam, nagkaroon ng bagong istruktura upang mapanatili ang pamumuno sa iisang tao. Naging mahigpit ang batayan sa pagpili ng datu na papalit sa sultan. Kailangang galing sa angkan ni Mohammed ang pangkat na kinabibilangan na kung tawagin ay lider pampulitika (panglima), lider panrelihiyon (imam), ang mga timawa at alipin.

Malaki rin impluwensya ng Islam sa kaugaliang pangkalinangan. Makikita ito sa mga sumusunod na aspeto.

***Edukasyon***

Madrasah ang tawag sa sistema ng edukasyon ng mga Muslim. Nakatuon ito sa pagtuturo ng Koran at ng kulturang Muslim. Bukas ang pag-aaral sa elementarya sa lalaki at babaeng Muslim ngunit para lamang sa lalaki ang pag-aaral sa mataas na antas. Ang madrasahs ay mga paaralang Qu'raniko kung saan sinasanay ang mga Muslim na nagnanais magturo ng mga aral ng Islam.

***Sining***

Nagpapakita ng kanilang paniniwala ukol sa pinagmulan ng mundo ang sining ng Islam.Nauuri ang sining ng mga Muslim sa mga sumusunod:

a. pag-ukit ng kahoy
b. paggawa ng metal
c. paghahabi at pagbuburda
d. paggawa ng banig at basket

Sa nakaraang panahon, iniwasan ng mga Muslim ang paggamit ng mga imahen o larawan ng tao o hayop. Sa kasalukuyan, bagaman at heometriko ang disenyo ng mga inukit may mga gumagamit din ng modelo ng hayop o tao. Makikita ito sa kanilang okir at sarimanok.

Ang okir ay isang magandang lapida na inihahandog sa isang mahal sa buhay na namatay na. Maaring ito'y okir-a-dato (yari sa metal, kahoy o matitigas na bagay) at okir-a-bai (yari sa banig o tela). Batay sa kalikasan ang kanilang ginagawa at kinukulayan ng pula, berde, dilaw o asul. Nakapaloob sa okir ang elementong tulad ng matilak (bilog), dapal (dahon), naga (anyong ahas na pigura), onga (prutas), piomas (buto ng bunga), piako (pako) at obodobid (disenyong tulad ng lubid).

***Musika***

Iniuugnay ng mga Muslim ang kanilang musika sa kanilang sayaw na inaangkop sa kanilang mga ritwal at pagdiriwang. Maaring instrumental o inaawit ang kanilang musika. May iba't iba rin silang instrumentong pangmusika tulad ng kulintang, kudyapi, at kubing.


***Sayaw***

Katatampukan ang kanilang sayaw ng mga galaw ng katawan at mga kamay na nagbabadya ng isang kasaysayan o pakikipagsapalaran ng mga bayani sa mga epiko.

***Pagliligawan / Pag-aasawa***

Kapag may ang lalaking Muslim, nakikipagkasundo siya sa pamilya ng babae sa pamamagitan ng isang kamag-anakan. Nagbibigay siya ng *bigay-kaya* sa babae at nangangakong bubuhayin ang babae hanggang kamatayan. Pinangagasiwaan ng ama, ina at mga pinunong pangrelihiyon ang seremonya ng kasal.

Pinapayagan ang isang lalaking Muslim na magkaroon ng hanggang apat na asawa kung kakayanin niyang buhayin ang mga ito.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Higit mong matatandaan ang iyong binasa kung gagawin mo ang sumusunod. Isulat sa talahanayan ang mga tiyak na pangkulturang impluwensya ng relihiyong Islam sa mga nakasulat na aspeto ng ating lipunan:

| Larangan | Impluwensya ng Islam |
|---|---|
| Uri ng pamamahala | |
| Edukasyon | |
| Sining | |
| Pag-aasawa at pagpapamilya | |
| Musika at sayaw | |



**Tandaan Mo!**

- Malaki ang naging impluwensya ng relihiyong Islam sa kultura, pamumuhay, sining, edukasyon at pamamahala ng lipunan ng sinaunang Pilipino.
- Ang relihiyong Islam ay nakapagpabago sa uri at kalagayan ng pamumuhay ng mga sinaunang Pilipino.



**Gawain 3: Paglalapat**

Batay sa iyong nabasa, sagutin mo nga ang mga sumusunod:

A. Sino ang nagdala o nagtatag ng sultanato sa Mindanao? Paano ito natanggap ng mga katutubo sa Mindanao?
B. Bilang sultan, ano kaya ang kanyang mga tungkulin at karapatan? Paano ka magiging sultan?
C. Anong pagbabago ang naidulot ng Islam sa larangan ng sining, edukasyon at pamamahala sa lipunan ng mga sinaunang Pilipino?
D. Kung ikaw ay isang sultan, anong mga pagbabago ang isusulong mo sa iyong barangay?

## MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO:

- Ang mga sinaunang Pilipino ay mayroon nang maayos at matatag na pamumuhay  at sistema ng pamamahala bago pa dumating ang mga Kastila.

- Mataas ang antas ng kultura ang mga sinaunang Pilipino. Ang panlipunang kalagayan ng mga sinaunang Pilipino ay nagpapakita ng kahusayan ng mga Pilipino na tugunan ang mga pangangailangan at suliranin ng kanilang lipunan.

- Malalim ang pagkakaugat ng relihiyong Islam sa Lipunang Muslim sa Mindanaw dahil ito ay naitanim sa maayos na pakikipag-ugnayan ng mga katutubo sa mga misyonero at mangangalakal na Muslim sa mga katutubo.

- Ang Islam ay nagsilbing mahalagang Instrumento sa pagkakaisa ng mga pamayanang Muslim sa Pilipinas.

- Malaki ang naging impluwensya ng relihiyong Islam sa pagpapayaman ng kultura, pamamahala at kabuhayan ng mga sinaunang Pilipino.



**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT:**

A. Piliin ang wastong sagot sa mga tanong. Bilugan lamang ang titik.

1. Alin sa mga sumusunod ang katangian ng barangay sa panahon ng mga sinaunang Pilipino:
   A. Ang lahat ng barangay ay nasa ilalim ng pamumuno ng isang sultan o datu lamang
   B. Hindi mauunlad at hindi nakapagsasarili ang mga barangay
   C. Malaya at nagsasarili ang bawat barangay
2. Alin sa mga sumusunod ang tamang paglalarawan sa kabuhayan ng mga Pilipino bago dumating ang mga Kastila?
   A. makaluma at naghihikahos ang pamumuhay ng mga sinaunang Pilipino
   B. palipat-lipat ng tirahan at di pa sapat ang kanilang kaalaman sa pamumuhay
   C. may agrikultura at maunlad na kalakalan na ang mga sinaunang Pilipino
3. Kailan nagiging pinuno o datu ang isang tao sa panahon ng mga sinaunang Pilipino?
   A. Kung siya ay nanalo sa digmaan
   B. Kung siya ay anak ng dating datu
   C. Kung siya ang pinakamayaman sa barangay
4. Ang isang katibayan na mayroon nang mataas na antas ng kultura ang mga Pilipino noon ay ang:
   A. sistema ng panulat na tinatawag na alibata
   B. paninirahan nila sa tabing dagat
   C. pagkakaroon ng mga awit at tula
5. Naipamalas ng mga sinaunang Pilipino ang kahusayan sa paglalakbay sa pamamagitan ng:
   A. Paggawa ng mahuhusay na sasakyang dagat
   B. Pagwawagi sa karera ng mga bangka
   C. Paninirahan sa tabing dagat
6. Alin sa mga sumusunod ang nagpapatunay na maunlad na ang kaalaman ng mga sinaunang Pilipino sa agham at matematika?
   A. Kahusayan sa pangingisda
   B. Paggamit ng mga Pilipino ng sistemang decimal
   C. kahusayan sa pakikidigma sa karatig-Barangay
7. Paano nakarating ang Islam sa Pilipinas?
   A. Pangangalakal ng mga Arabeng Muslim
   B. Paglalakbay sa Arabia ng mga sinaunang Pilipino
   C. Pananakop ng mga Arabeng Muslim
8. Bakit madaling napalaganap ang Islam sa katimugan ng Mindanao?
   A. wala pa kasing relihiyon ang mga katutubong Pilipino
   B. pakikipagtaling-puso ng mga misyonerong Muslim sa mga anak ng mga pinunong Pilipino
   C. pananakot at pananakop ng mga Arabeng Muslim

9. Ang regular na pagdarasal ng limang beses sa loob ng isang araw ay bahagi ng pangunahing aral ng Islam na tinaguriang:
   A. Limang Haligi ng Katotohanan
   B. Walong Daan sa Kaliwanagan
   C. Sampung Utos ng Diyos
10. Ang pag-aayuno ay isinasagawa ng mga Muslim sa panahon ng
   A. Hari Raya C. Ramadan
   B. Biyernes Santo
11. Sa panahon ng barangay ang moske ay tinuturing na sentro ng:
   A. panrelihiyong gawain
   B. pampulitika at panlipunang gawain
   C. panrelihiyon, pampulitika at panlipunang gawain
12. Sa paanong paraan napapatatag ng relihiyong Islam ang pagkakaisa ng pamayanan?
   A. Ang sama-samang pagsamba ang nagpalakas sa pagkakaisa ng mga Muslim
   B. Ang mabilis na pananakop ng mga Arabeng Muslim ng iba pang pamayanan
   C. Ang takot na sila ay magapi ng mga Kristiyano
13. Sa sistemang sultanato, ang pamahalaan at relihiyon ay:
   A. hindi dapat magkasama
   B. magkasama at pinag-isa
   C. hindi pinahahalagahan
14. Ang sistema ng edukasyon na ipinakilala ng mga Muslim ay ang
   A. alibata B. madrasah C. Ramadan
15. Ang sistemang barangay sa panahon ng mga sinaunang Pilipino ay naiiba sa sistemang barangay sa kasalukuyan sa pamamagitan ng:
   A. May sari sariling pamahalaan ang bawat barangay noon.
   B. Lahat sila ay napapailalim sa pangulo ng bansa.
   C. Nabibilang ang mga unang barangay sa mga kaharian.

B. Tama o Mali. Isulat ang salitang Tama kung wasto ang pangungusap at Mali kung ito ay hindi wasto. Kung mali ang pangungusap, ipaliwanag kung bakit ito mali.

1. May malaking impluwensya ang relihiyong Islam sa lipunang Pilipino sa iba't ibang larangan ng buhay.____________________________________________
2. Nanatiling mababa ang antas ng pamumuhay ng mga sinaunang Pilipino nang dumating ang mga Kastila.________________________________________
3. Walang pagtutulungang naganap sa mga karatig-barangay dahil na rin sa palagi nilang pakikidigma sa isa't isa. ____________________________________
4. Gumamit nang marahas na pamamaraan ang mga Arabeng Muslim kayat madaling napalaganap ang Islam sa Mindanao.______________________________
5. Dahil sa pananakop ng mga Kastila, hindi naging malaki ang impluwensya ng Islam sa ating lipunan______________________________________________



**GABAY SA PAGWAWASTO:**

PANIMULANG PAGSUSULIT:
Unang Bahagi

1. A
2. A
3. A
4. B
5. B
6. A
7. B
8. B
9. A
10. C
11. C
12. A
13. B
14. B
15. B

Ikalawang Bahagi
Tama o Mali

1. Tama
2. Mali- mababang antas ng pamumuhay
3. Mali- walang pagtutulungn
4. Mali – marahas na pamamaraan
5. Mali- malaki

**ARALIN 1 ANG PANLIPUNANG PAMUMUHAY NG MGA PILIPINO SA PANAHON NG BARANGAY**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

**Gawain 3: Paglalapat**

**ARALIN 2 ANG KALAGAYANG PANGKULTURA MGA KATUTUBONG PILIPINO**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

**Gawain 3: Paglalapat**

**ARALIN 3 ANG PAGDATING NG ISLAM SA PILIPINAS**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

**Gawain 3: Paglalapat**
Mungkahing Sagot:

1. Nakarating ang Islam dahil sa mga mangangalakal na Arabe at mga katutubo o mga kapwa Muslim na naunang nanirahan sa Mindanao.

Dinala nila ang kulturang Muslim at ibinahagi sa mga kapamilya nila bago hinikayat ang iba na tanggapin ang kanilang asal.

2. Malaki ang naitulong ng pagpapakasal ng mga Arabong Muslim sa mga katutubo sa Mindanao sa pagpapalaganap ng Islam. Ang naging asawa nila ay kadalasang kabilang sa mataas na lipunan at mga anak ng mga sultan o datu. Ang katayuan nila sa lipunan ay may impluwensya sa mga nasasakupan.
3. Nakakatulong nang malaki sa pakikipagugnayan natin sa ating bansa lalung-lalo na sa mga Muslim na bansa sa Asya. Nauunawaan ng mga kapwa Muslim na bansa ng ating mga suliraning pang kabuhayan at tayo'y natutulungan sa aspetong ito. Nakakatulong din ang relihiyong Muslim sa mga mamamayang Muslim sa Mindanao.

**ARALIN 4 ANG RELIHIYONG ISLAM SA PANAHON NG BARANGAY**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

**Gawain 3: Paglalapat**

**ARALIN 5 IMPLUWENSYA NG ISLAM SA PAMAHALAAN AT LIPUNANG MUSLIM**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

**Gawain 3: Paglalapat**

Ganito ba ang iyong sagot? Maaring kahawig o katulad ng ibig sabihin nito.

A. Sina Kabungsuan at Abu Bakr ang nagdala at nagtatag ng sultanato sa Mindanao.
   Sinasabi nila na sila ay inapo ni Mohammad at nag-aasawa ng mga katutubong prinsesa kaya madaling natanggap ng mga katutubo.

B. Bilang sultan:

   - Maaring mamana o piliin ng sultan

   **Karapatan**
   - Makipagkalakalan o makipagkaibigan
   - Pumili ng papalit sa kanya

   **Tungkulin**

- Pamunuan ang kanyang hukbo
- Pamunuan ang mga gawaing panrelihiyon

C. Nabago ang sistema ng edukasyon ng mga lipunang Muslim nang ipinakilala ang madrasah. Naimpluwensyahan din ang mga sining, sayaw at musika nang ipinakilala ng islam ang kulturang arabe at gawing pangmuslim

PANGHULING PAGSUSULIT

A. Piliin ang tamang sagot

| | | |
|---|---|---|
| 1. c | 6. b | 11. c |
| 2. c | 7. a | 12. a |
| 3. b | 8. b | 13. b |
| 4. a | 9. a | 14. b |
| 5. a | 10. c | 15. a |

B. Tama o Mali

1. Tama
2. Mali- mababang antas ng pamumuhay
3. Mali- walang pagtutulungan
4. Mali- marahas na pamamaraan
5. Mali- malaki